

*Modyul 10*

*Ekonomiya at Sistemang Politikal sa Asya*  
*Pangungusap na Nagpapahayag ng*  
*Katwiran at Opinyon*



*Tungkol saan ang modyul na ito?*

Magandang araw sa iyo! Ako’y nasisiyahan at muli tayong nagkaroon ng pagkakataong makapagtalakay ng isa pang makabuluhang aralin sa araw na ito na may malaking kaugnayan sa ekonomiya at sistemang politikal sa ating bansa at iba pang bansang Asyano.

Kung pag-aaralan ang kasalukuyang kalagayang nagaganap sa ating lipunan, labis ang pamumulitikang ginagawa ng mga politiko. Sa ganitong pangyayari, hindi maikakailang maraming namumuhunang mga dayuhan ang nagdadalawang-isip kung magpapatuloy silang magnegosyo sa bansa dahil sa mga kasalukuyang nagaganap. Ang pangyayaring ito’y nagdudulot ng malaking epekto sa ekonomiya. Bumababa ang halaga ng piso, maraming nawawalan ng trabaho dahil sa pagsasara ng mga kumpanya at lalong nadarama ng bawat isa ang kahirapan.

Kapansin-pansin na kapag ekonomiya na ang pinag-uusapan sa mga pahayagan, radyo at telebisyon, iba’t ibang komentaryo ang maririnig mula sa mga manonood, mambabasa’t tagapakinig. Ang sabi ng ilan, may kasalanan daw sa pagbagsak ng ekonomiya ang politika na sinasang-ayunan naman ng karamihan. Kanya-kanyang opinyon, kanya-kanyang palagay at kuru-kuro...

Ikaw, naranasan mo na bang makipagtalo, makipagpalitan ng opinyon o maglahad ng iyong kuru-kuro o palagay hinggil sa isang partikular na paksa? Marahil Oo, at kung magkagayunman, nakapaglalahad ka ng iyong mga nararamdaman, naiisip at natatagong saloobin nang di mo namamalayan. Ngunit kadalasan, ang ilang kabataang tulad mo ay takot magpahayag o maglahad ng sariling pangangatwiran kung kaya’t sadyang inihanda ang modyul na ito na tinitiyak kong makatutulong na malinang ang inyong kakayahan sa maayos, makabuluhan at makatarungang pagpapahayag ng katwiran upang mailahad ang anumang opinyon sa isang partikular na paksa.



## *Ano ang matututunan mo?*

Inaasahang matatamo mo ang sumusunod na kasanayan sa pag-aaral ng modyul na ito:

1. Napipili at nakabubuo ng mga pangungusap na nagpapahayag ng:
  - 1.1. pagpapaliwanag
  - 1.2. pangangatwiran
2. Natutukoy ang magkakasalungat na kahulugan ng salita
3. Napagsasama-sama ang mga magkakasalungatang ideya na nakapaloob sa nabasa
4. Nakasusulat ng sariling reaksiyon at saloobin batay sa isang tiyak na paksa gamit ang wastong panuntunan sa pagbabaybay ng salita batay sa binagong alpabeto



## *Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*

Malaki ang maitutulong sa iyo ng modyul na ito sapagkat gagabayan ka nito tungo sa iyong pagkatuto, nakalahad dito ang mga tuntunin upang maging maayos at makabuluhan ang iyong pagbabasa.

1. Una sa lahat, ingatan mo ang modyul na ito. Huwag mo itong dudumihan o susulatan. Gumagamit ka ng hiwalay na sagutan/sulatang papel para sa pagsagot sa mga pagsusulit.
2. Sagutin mo at huwag lalaktawan ang Panimulang Pagsusulit o ang bahaging “Ano ba ang Alam Mo?” Ito ang panimulang hakbang upang masukat at matiyak ang dati mo nang kaalaman sa paksang tatalakayin sa modyul na ito.
3. Kunin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto. Iwasto mo ang iyong sagot maging matapat ka lamang sa pagwawasto. Huwag kang mag-alala kung mababa ang markang nakuha mo, may inihanda akong mga Gawain at iba pang pagsasanay na tiyak na makakatulong sa iyo.
4. Basahin at unawain mong mabuti ang mga teksto bago mo sagutin ang mga gawaing kaugnay nito. Unawain mo ring mabuti ang mga panuto dahil malaki ang maitutulong nito upang maging madali sa iyo ang pagsagot sa mga gawain.

5. Sagutin mo agad ang Pangwakas na Pagsusulit o ang bahaging “Gaano ka na kahusay ?” upang matiyak mo kung natutunan mo ang aralin, kunin mong muli ang Susi sa Pagwasto sa iyong guro.
6. Bigyang-halaga mo sana ang modyul na ito, sikapin mong sagutin ang mga gawaing inihanda ko katulad ng pagsisikap kong matulungan kang matuto.

Sige, maari ka nang magsimula.



## *Ano na ba ang alam mo?*

A. Panuto: Basahin at suriin ang mga pangungusap sa loob ng talata at pagkatapos ay isulat ang letrang A kung ang pangungusap ay nagpapahayag ng pagpapaliwanag at B kung nagpapahayag ng pangangatwiran.

(1.) May tatlong sistema ang pamahalaan sa Asya – Monarkiya, Sultanato o Emirate at Republika.

(2.) Ang pamahalaang Monarkiya ay maaaring pamunuan ng reyna, hari o emperador. Ang pamahalaang Sultanato naman ay pinamumunuan ng Emir o Prinsipe at ang pamahalaang Republika naman ay maaaring pamunuan ng Punong Ministro o Presidente.

(3) Maraming hindi sang-ayon sa paraan ng pamamalakad ng pamahalaang Monarkiya dahil ang hari o reyna ay namumuno ayon sa kanyang kagustuhan at sa takdang panahong nais niyang mamuno na kadalasa’y tumatagal ng habambuhay.

(4) Maunlad ang isang bansa hindi dahil sa uri ng pamahalaang ipinatutupad kundi sa mga namumuno at pakikiisa ng mamamayang nasasakupan.

(5) Bukod sa tatlong sistema ng pamahalaang Asya, mayroon din itong dalawang uri ng pamahalaan batay sa kapangyarihan o lakas – ang diktatoryal at demokrasya.

B. Panuto: Basahin at unawain ang sumusunod na pangungusap at pagkatapos ay hanapin sa loob nito ang kasalungat na kahulugan ng salitang may salungguhit.

1. Lubos ang kasiyahan ng mga bansang Asyano nang makamit ang kasarinlan sapagkat matagal na panahon silang nalupig ng mga mananakop.
2. Namuhay nang mahirap sa mahabang panahon ang mga bansang Asyano kung kaya’t naghangad sila ng higit na progresibong pamumuhay matapos makamit ang kasarinlan.
3. May mga bansang Asyanong niyakap ang paniniwala ng bansang nanakop sa kanila ngunit ang iba’y tinalikdan ang nangingibabaw na ideolohiya.
4. Ang ibang bansang Asyano ay nagtagumpay sa uri ng pamahalaang pinili at ang iba nama’y nabigo.

5. Maraming suliranin ang mga Asyano at hindi ito natapos sa pagkakamit ng kasarinlan sapagkat iilan lamang sa mga suliraning ito ang maaaring mabigyan ng kalutasan.





C. Panuto: Piliin sa dakong ibaba ang letra ng sumasalungat na ideya o kaisipan sa mga pangungusap sa bawat sa bilang.


1. Maraming suliranin ang mga Asyano.
2. Naging suliranin nila ang uri ng pamahalaang yayakapin.
3. May mga bansang niyakap ang ideolihiya ng mga bansang sumakop sa kanila.
4. Sa kanilang pamimili ay may mga nagtagumpay.
5. Hanggang sa ngayon ay mayroon pa ring naghahangad ng pagbabago.

**Pagpipilian:**

- a. Datapat hindi naman sila nakasisiguro kung magbibigay ito ng pagbabago sa kanilang pamumuhay.
- b. Subalit di naman sila nakasisiguro na ito'y magiging pangmatagalan.
- c. Ngunit pinag-iisipan naman nilang mabuti kung anu-ano ang kahinaan at kalakasan ng bawat uri ng pamahalaan.
- d. Subalit ang iba'y nawawalan na ng pag-asa na may pagababago pang magaganap sa pamamalakad ng pamahalaan.
- e. Subalit hindi ito naging hadlang upang pagtagumpayan ang kanilang mga suliranin.

D. Panuto: Piliin ang letra ng wastong pagpagkakabaybay ng mga salitang hiram na nakalarawan sa loob ng pangungusap.

1. Kinahihiligan ng mga mamamayang Asyano ang pagkain ng (  )
  - a. french fries
  - b. frents frays
  - c. prents prays
  - d. perents prais
2. Matatagpuan ba sa Asya ang mga hayop na (  )?
  - a. sebra
  - b. sibra
  - c. zebra
  - d. zibra
3. Iba't ibang uri ng (  ) ang natitikman sa mga hotel sa Asya.
  - a. dyus
  - b. diyus
  - c. jios
  - d. juice
4. Mahilig din sa panonood ng (  ) ang mga Asyanong kabataan.
  - a. video
  - b. vidyo
  - c. bidyo
  - d. bideo

5. Ginagawang (  ) ang karamihan ng mga prutas na matatagpuan sa Asya.

- a. dyam
- b. dijam
- c. jam
- d. diam

Nasagutan mo bang lahat ang mga katanungan? Tingnan mo kung wasto ang iyong mga kasagutan. Kunin mo ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro. Huwag kang mag-alala sa kinalabasan ng iyong marka. Tutulungan ka ng modyul na ito sa lubusang pagkatuto sa mga araling dapat mong matutunan.

Handa ka na ba?

Maaari ka nang magsimula...



## *Mga Gawain sa Pagkatuto*

### Sub Aralin 1

Pangungusap na nagpapahayag ng:

- Pagpapaliwanag
- Pangangatwiran

### Layunin

Napipili at nakabubuo ng mga pangungusap na nagpapahayag ng pagpapaliwanag at pangungusap na nagpapahayag ng pangangatwiran

### Alamin

Basahin at unawain ang usapan.

Jej : (1) Friendship tulungan mo naman ako sa pagsagot sa mga takdang-aralin ko.

Jho : (2) Tungkol ba saan?

Jej : (3) Sistema ng Pamahalaan sa Asya

Jho : (4) A, alam ko iyan! May tatlong sistema ng pamahalaan sa Asya - Monarkiya, Sultanato o Emirate at Republika.

Jej : (5) Ipaliwanag mo naman sa akin ang pagkakaiba ng tatlo.

Jho : (6) Ang uri ng pamahalaang Monarkiya ay maaaring pamunuan ng hari, reyna o emperador. Ang pamahalaang Sultanato o Emirate naman ay pinamumunuan ng Emir o Prinsipe at ang pamahalaang Republika naman ay maaaring pamunuan ng Punong Ministro o Presidente.

Jei : (7) Siguro, masarap mamuhay sa bansang ang pamahalaan ay pinamumunuan ng hari o reyna.

Jho : (8) Bakit mo naman iyan nasabi?

Jei : (9) Nasabi ko iyon kasi napansin kong halos karamihan ng bansang pinamumunuan ng mga hari o reyna ay maunlad. Isa na riyan ang London.

: Gusto ko rin ang pamahalaang pinamumunuan ng Sultan o Prinsipe tulad ng Brunei sapagkat ang yaman-yaman ng bansa nila.

Jho : (10) Ano ka ba naman! Huwag ka sanang magagalit pero hindi ako sang-ayon sa mga sinabi mo.

Jei : (11) E, bakit naman?

Jho : (12) Hindi ako sang-ayon sa iyo dahil ayaw ko ang sistema ng pamahalaang Monarkiya. Ang hari o reyna ay namumuno ayon sa kanyang kagustuhan at sa takdang panahong nais niyang mamuno na kadalasan ay tumatagal ng habambuhay.

: Tungkol naman sa pagiging maunlad ng Brunei, kaya lang naman sila maunlad dahil sa mayaman sa langis ang bayan nila at hindi dahil sa pinuno ng bayan nila.

Jei : (13) Sa kabilang banda, may katwiran ka nga at iginagalang ko ang iyong opinyon.

: O, sige, salamat sa mga paliwanag at sa tulong mong masagutan ang aking takdang-aralin. Naging maliwanag na sa akin ang lahat.

Jho : (14) Walang anuman.

Naunwaan mo ba ang mga usapan?

Maayos na nakapagpahayag ng pagpapaliwanag at nagpalitan ng pangangatwiran ang magkaibigan.

Alamin mo kung paano ba nakikilala at nakabubuo ng mga pangungusap na nagpapahayag ng pagpapaliwanag at pangangatwiran.

Magpatuloy ka sa pag-aaral mo sa Modyul.

### **Linangin**

Balikan mo at suriin ang nilalaman ng usapang katatapos mo lang basahin.

Tingnan ko nga kung masasagot mo ang mga sumusunod na katanungan.

- Tungkol saan ang usapan ng magkaibigan?  
Tama! Tungkol ito sa Sistema ng Pamahalaan sa Asya.
- Ilan ang Sistema ng Pamahalaan sa Asya at anu-ano ang mga ito?  
Tama ka ulit ! Tatlo-Monarkiya Sultanato o Emirate at Republika.
- Sinu-sino ang namumuno o maaaring mamuno sa bawat pamahalaang nabanggit?

Magaling! Tamang muli ang iyong mga kasagutan! Hari, Reyna o Emperador sa pamahalaang Monarkiya; Emir o Prinsipe sa pamahalaang Sultanato; Punong Ministro o Presidente sa pamahalaang Republika.

Binabati kita sapagkat magaling kang kumuha ng mga impormasyon o detalye sa iyong binasa.

Magpatuloy tayo.

Balikan mong muli ang usapan ng magkaibigan at subuking sagutin ang aking mga katanungan.

- Bakit nasabi ni Jei na masarap sigurong manirahan sa pamahalaang may sistemang Monarkiya at Sultanato?

Kung ang iyong kasagutan ay matatagpuan sa pahayag blg. 9 na inilahad ni Jei, Tama ka.

- Bakit naman hindi sumasang-ayon si Jho sa mga pahayag ni Jei?

Matatagpuan naman sa pahayag blg. 12 ang kasagutan ni Jho kay Jei... Tama ka ba?

Jei : Nasabi ko iyon <u>kasi</u> napansin kong halos karamihan ng bansang pinamumunuan ng mga hari o reyna ay maunlad. Isa na riyan ang London.
---

: Gusto ko rin ang pamahalaang pinamumunuan ng Sultan o Prinsipe tulad ng Brunei sapagkat ang yaman-yaman ng bansa nila.

Ipinahahayag ni Jei ang kanyang pangangatwiran kung bakit niya gustong mamuhay sa pamahalaang pinamumunuan ng hari, reyna, sultan o prinsipe.

Kapansin-pansin ang kanyang paglalahad ng pangangatwiran lalo na nang gamitin niya ang salitang kasi at sapagkat.

Tunghayan naman natin ngayon ang sagot ni Jho sa pahayag blg. 12

Jho : (12) Hindi ako sang-ayon sa iyo dahil ayaw ko ang sistema ng pamahalaang Monarkiya. Ang hari o reyna ay namumuno ayon sa kanyang kagustuhan at sa takdang panahong nais niyang mamuno na kadalasan ay tumatagal ng habambuhay.

: Tungkol naman sa pagiging maunlad ng Brunei, kaya lang naman sila maunlad dahil sa mayaman sa langis ang bayan nila at hindi dahil sa pinuno ng bayan nila.

Inilahad niya ang kanyang pagtutol sa sinabi ni Jei sa pamamagitan ng paggamit ng mga salitang dahil ay kaya sa paglalahad ng kanyang pangangatwiran.

Samakatwid, may mga salita tayong ginagamit kapag tayo ay naglalahad ng pangungusap na nangangatwiran.

Sa paglalahad ng pangungusap na naglalahad ng pangangatwiran, maaaring gamitin ang mga salitang ngunit, subalit, dahil, kasi, sapagkat, kaya at mga kauri nito na nagpapahiwatig ng pangangatwiran.

Ngayong malinaw na sa iyo kung ano ang pangungusap na nagpapahayag ng pangangatwiran, alamin mo naman ngayon kung paano nakikilala ang pangungusap nagpahahayag ng pagpapaliwanag.



Balikan natin ang usapan ng magkaibigan at suriin ang mga pahayag sa blg.6 at blg. 12

Jho : (6) Ang uri ng pamahalaang Monarkiya ay maaaring pamunuaan ng hari, reyna o emperador. Ang pamahalaang Sultanato o Emirate naman ay pinamumunuan ng Emir o Prinsipe at ang pamahalaang Republika naman ay maaaring pamunuan ng punong Ministro o Presidente.

Jho : (12) Hindi ako sang-ayon sa iyo dahil ayaw ko ang sistema ng pamahalaang Monarkiya. Ang hari o reyna ay namumuno ayon sa kanyang kagustuhan at sa takdang panahong nais niyang mamuno na kadalasan ay tumatagal ng habambuhay.

Sa pahayag blg. 6 ipinaliwanag ang pagkakaiba ng pamahalaang Monarkiya, Sultanato o Emirate at Republika.

Sa pahayag blg. 12 naman ipinaliwanag kung anong uri ng sistema mayroon ang pamahalaang Monarkiya.

Samakatwid, maaaring makabuo ng mga pangungusap na nagpapahayag ng pagpapaliwanag kapag nagbibigay tayo ng kahulugan sa isang terminolohiya, ideya, salita, pagbibigay ng panuto o direksyon sa paggawa isang bagay o kung tayo'y nagbibigay ng mga halimbawa.

Naunawaan mo ba ang mga paliwanag na iyong binasa? Marahil ay nakatulong at nakapagbigay-linaw ang mga ito sa iyo. Ngayon tiyak na makikilala mo na ang mga pangungusap na nagpapahayag ng pagpapaliwanag at mga pangungusap na nagpapahayag ng pangangatwiran.

Upang lubusan mong maunawaan, sagutin mo ang mga sumusunod na gawaing inihanda ko para sa iyo.

Maaari mo nang simulan.

## **Gamitin**

Panuto: Basahin at suriin ang sumusunod na pangungusap. Lagyan ng tsek ( / ) ang mga bilang na nagpapahayag ng pagpapaliwanag at ekis ( x ) ang mga pangungusap na nagpapahayag ng pangangatwiran.

1. Ekonomiya ang tawag sa agham ng pangangasiwa ng mga kayamanan ng isang pook sa layuning mapaunlad ang mga ito at maiwasan ang pag-aaksaya.
2. Sa kasalukuyang panahon ay nararamdaman ng mga mamamayan ang patuloy na pagbagsak ng ekonomiya sapagkat walang tigil ang pagtaas ng presyo ng mga bilihan.
3. Ang patuloy na pagbagsak ng ekonomiya ay maaari raw isisi sa mga namumunong pulitiko sa ating bansa.
4. Sa isang banda, maaari ngang masisi ang mga pulitiko kapag bumagsak ang ekonomiya ng isang bansa ngunit tandaan na maraming salik ang dapat na isaalang-alang at hindi makatarungang laging isisi sa kanila ang pagbagsak ng ekonomiya.
5. Isa lamang sa maraming salik na nagiging sanhi ng pagbagsak ng ekonomiya ng ating bansa ay ang patuloy na pag-angkat ng mga produktong banyaga matugunan lamang ang kakulangan ng suplay halimbawa na nito ay ang inaangkat na langis at petrolyo na hindi rin kontrolado ng gobyerno ang pagtaas ng halaga.

Kunin mo ngayon sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto at iwasto mo ang iyong mga sagot.

Kung tama ang lahat ang sagot mo, magaling! Kung may mga mali ka, makatutulong sa iyo ang mga susunod na gawain.

Sige , magpatuloy ka....

## **Lagumin**

Natapos mo nang pag-aralan kung paano makikilala ang pangungusap na nagpapahayag ng pagpapaliwanag at pangungusap na nagpapahayag ng pangangatwiran.

Balikan mo ngayon ang ilang mahahalagang impormasyong dapat mong tandaan.

Ang pangungusap na nagpapahayag ng pagpapaliwanag ay uri ng pagpapahayag na naglalayong linawin sa mga nakikinig o bumabasa ang isang bagay, gawain o pangyayaring hindi nauunawaan ng mga ito. Naglalayon itong gawing payak at malinaw ang isang bagay o paksa.

May iba-ibang paraan ng pagpapaliwanag ayon sa layunin ng nagsasalita o sumusulat. Iniaayon din ang paraan ng pagpapaliwanag, gawain o pangyayaring ipinaliliwanag. Ito ay maisasagawa sa sumusunod na paraan:

- Pagbibigay ng katuturan sa isang katawagan
- Pagbibigay ng halimbawa
- Pagbibigay ng sanhi at bisa
- Pagtutulad at paghahambing ng mga bagay
- Paghahanap ng mga hakbang at mga bagay na kakailanganin sa pagsasagawa ng anumang bagay

Ang pangungusap na nagpapahayag ng pangangatwiran ay ginagawa naman sa pamamagitan ng pagpapahayag ng mga paniniwala, ng mga opinyon, nasa, katwiran, mga pagpapatotoo o pagpapatunay upang mapaniwala o mapapanig ang kausap sa kanyang paninindigan.

Ang pangangatwiran ay paraan ng pagpapahayag na may layuning manghikayat, mapaniwala at mapakilos ang iba ayon sa ninanais o pinaniniwalaan ng nagmamatuwid sa pamamagitan ng makatwirang pananalita. Ito ay paghahanay ng mga katibayan at mga katotohanang may kaugnayan sa paksang pinag-uusapan o tinatalakay.

Ngayon , tiyak kong alam mo na kung paano nakikilala ang mga pangungusap na nagpapahayag ng pagpapaliwanag at mga pangungusap na nagpapahayag ng pangangatwiran.

Subukin mong sagutin ang kasunod na gawain.

### Subukin

Panuto: Hanapin sa dakong ibaba ang letra ng mga pahayag na maaaring ipampuno sa sumusunod na bilang at pagkatapos ay tukuyin kung ang pangungusap na nabuo ay nagpapahayag ng pangangatwiran o pagpapaliwanag.

1. Demokratiko ang pamahalaang pinamumunuan \_\_\_\_\_

2. Walang demokrasya sa isang bansang pinamumunuan ng diktador\_\_\_\_\_
- 
3. Ang mga bansang Asyano ay nahahati sa dalawang magkatunggaling ideolohiya
- 
4. May mga bansa ring Asyano na maaaring manatiling walang kinikilingan sa dalawang ideolohiyang nabanggit \_\_\_\_\_
- 
5. Third force o pangatlong pwersa ang tawag sa mga bansang Asyano\_\_\_\_\_
- 

- A. sapagkat ang kanilang desisyon ay hindi nalilimitahan ng anumang batas
- B. na maaaring manatiling walang kinikilingan alinman sa demokratiko o komunismo
- C. dahil makatutulong ito sa pagpapanatili sa katahimikan ng rehiyon
- D. demokratikong pamumuhay at komunismo
- E. ng marami na may pahintulot ng mga mamamayan

Iwasto mong muli ang iyong mga kasagutan kunin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwasto.

Kumusta ang iyong iskor? Kung mataas ang iyong nakuha, nangangahulugan lamang na lubusan mong naunawaan ang aralin ngunit kung mababa, kailangan mo munang sagutan ang kasunod na gawain. Kayang-kaya mo ito sapagkat kaugnay pa rin ito ng ating aralin.

Maaari mo nang simulan.

## Paunlarin

Basahin mo at unawain ang talataan at pagkatapos ay sagutin ang mga kaugnay na gawain.

### URI NG PAMAHALAAN SA ASYA BATAY SA LIMITASYON NG KAPANGYARIHAN O LAKAS

May dalawang uri ang pamahalaan sa Asya batay sa kapangyarihan o lakas - ang diktatoryal at demokrasya.

Sa diktatoryal, ang desisyon ng pinuno ng pamahalaan ay hindi nalilimitahan ng anumang batas. Halimbawa nito ay pamahalaang awtokrasya totalitarianismo, sosyalismo at komunismo.

Ang pamahalaang komonismo ay batay sa mga ideya ni Karl Marx at Freidrich Engels, kontrolado ng estado ang produksyon, distribusyon pati konsumpsyon ng mga produkto. Sa pamahalaang ito nasusupil ang kalagayang sibil, may mga lihim na pulis, kontrolado ang pamamahayag at iisa ang partidong pulitikal.

Sa pamahalaang demokrasya, ang kapangyarihan ay nasa kamay ng mga mamamayan, may pantay-pantay na karapatan at pribilehiyo, nakalalahok nang malaya sa mga gawaing pulitikal, sosyal, kultural at pangkabuhayan.

### Gawain 1

Panuto: Bumuo ng isang pangungusap na nagpapahayag ng pagpapaliwanag batay sa mga binasang impormasyon sa talataan. Pumili lamang ng isa.

A. Pamahalaang Demokrasya

B. Pamahalaang Komunismo

---

---

---

---

---

## Gawain 2

Panuto: Punan ng sariling pahayag ang mga patlang sa loob ng kahon upang makabuo ng isang talata na nagpapahayag ng pangangatwiran kung alin sa dalawang uri ng pamahalaan (demokrasya o komunismo) ang nais mangibabaw sa bansang Pilipinas.

<p>Ang uri ng pamahalaang nais kong mangibabaw sa bansang Pilipinas ay _____.</p> <p>Naniniwala ako sa uri ng pamahalaang ito sapagkat _____,</p> <p>alam kong makatutulong ito sa kasalakuyang kalagayan ng ating bansa dahil _____</p> <p>_____</p> <p>_____</p>
--

Kunin mong muli ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro at itsek ang iyong mga kasagutan.

Maaari ka na gayong pumunta sa susunod na aralin.

## Sub Aralin 2

Nakatutukoy ang Magkakasalungat na Kahulugan ng Salita


### Layunin

Natutukoy ang kasalungat na kahulugan ng salita

### Alamin

Suriing mabuti ang dalawang set ng larawan sa kasunod na pahina. Mahahanap mo kaya ang anim (6) na bagay na nabago sa unang set ng larawan?

Isa-isahin mo ang mga nabago at tukuyin ang mga pagbabagong naganap.



(1)



(2)

Madali mo bang nahanap ang mga bagay na nabago?

Tunghayan mo ang mga kasagutan sa susunod na bahagi ng ating aralin.

Sige, magpatuloy ka...

### Linangin

Narito ang limang nabago sa unang larawan:

- araw na masaya ay naging malungkot
- maliit na bahay ay naging malaking bahay
- punong malago ay naging punong kalbo
- malinis na paligid ay naging marumi
- batang mataba ay naging batang payat
- ibong malaki ay naging maliit

Tama bang lahat ang sagot mo? Magaling kung nahanap mong lahat ang mga bagay na nabago sa unang larawan.

Suriin naman natin ngayon kung paano ginagamit ang mga salitang may salungguhit sa anim na pangungusap sa itaas.

Ang mga salitang ito ay ginagamit sa paglalarawan o pagbibigay-katangian sa tao, bagay at pook.

Kapag tayo ay naglalarawan, gumagamit tayo ng mga salitang naglalarawan at ibinabagay at inaangkop natin ang salitang ginagamit sa inilalarawang tao, bagay, pook o pangyayari.

Kung minsan, upang higit na maging malinaw ang ating paglalarawan ay ginagamit natin ang kasalungat na katangian o kahulugan ng anumang ating inilalarawan.

Pansinin mong muli at suriin ang mga salitang may salungguhit sa anim na pangungusap. Nakapaloob sa mga ito ang halimbawa ng mga salitang may kasalungat na kahulugan.

masaya at malungkot  
maliit at malaki  
malago at kalbo  
malinis at marumi  
mataba at payat

Upang lalong maging masining ang paraan ng pagpapahayag, gumamit tayo ng iba't ibang salita na maaaring magkasalungat ang kahulugan.

Halimbawa:

Tao  
maganda – pangit  
maputi – maitim  
matangkad – pandak

Bagay  
makinis – magaspang  
mahaba – maikili  
mataas – mababa

Pook  
malinis – marumi  
malawak – makitid  
malayo – malapit

Pangyayari  
maingay – tahimik  
marangya – simple  
payapa – maligalig

Sa ganitong paraan natin maaaring magamit sa pangungusap ang ilang salitang magkakasalungat.

- Ang bawat bansa sa Asya ay may sariling pamahalaan kung kayat tahimik na namumuhay ang mga mamamayan ngunit sa kabila nito ay maingay at walang tigil ang pamumulitika ng mga politiko.



- Monarkiya ang pamahalaang pinamumunuan ng iisang tao samantalang sa marami naman nagmumula ang awtoridad ng pamahalaang demokrasya.











Marahil ay nakapagbigay-linaw na sa iyo ang mga nabasang paliwanag at mga halimbawa.

Gamitin mo naman ngayon sa susunod na gawain ang iyong mga natutunan.

## Gamitin

### Gawain 1

Panuto: Ibigay ang kasalungat na kahulugan ng mga salitang ipinahihiwatig ng bawat larawan.

- |    |   |   |
|----|---|---|
| 1. |  |  |
|    | _ t _ _   | _ b _ _   |
- |    |  |  |
|----|--|--|
| 2. |  |  |
|    | _ l _ b _ _  | _ a _ _ _ s  |
- |    |   |  |
|----|---|--|
| 3. |  |  |
|    | _ a s _ _   | _ _ _ n g _ _  |
- |    |   |  |
|----|---|--|
| 4. |  |  |
|    | _ a _ _ o   | _ b _ g _ _  |
- |    |   |  |
|----|---|--|
| 5. |  |  |
|    | _ b _ _ _ l   | m _ b _ _ _  |

## Gawain 2

Panuto: Piliin ang letra ng kasalungat na kahulugan ng salitang may salungguhit.

1. Ang pamahalaang presidensyal ay may hiwalay na ugnayan sa kapangyarihan ng ehekutibo, lehislatibo at hudisyal.  
a. kasama  
b. kaugnay  
c. kapisan  
d. kapareha
2. Matatag ang pamahalaang presidensyal ng Pilipinas, Taiwan at Timog Korea.  
a. mahina  
b. mabuway  
c. mabagal  
d. makupad
3. Ang mga sangay ng ehekutibo at lehislatibo ay magkasama sa pamahalaang parlamentaryo.  
a. magkabukod  
b. magkabuklod  
c. magkapisan  
d. magkahiwalay
4. Pamahalaang republika ang tawag sa mga pamahalaang sumusunod sa tinatawag na demokrasya.  
a. tumututol  
b. sumasalungat  
c. lumalabag  
d. kumokondena
5. Ang mga diktador ay masugid na tagasuporta ng isang ideolohiya na basehan ng kanyang pamamalakad.  
a. tamad  
b. pabaya  
c. mainipin  
d. mangmang

Madali mo bang nasagutan ang mga gawain? Kunin mo ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro at iwasto mo ang iyong mga kasagutan.

## Lagumin

Balikan mo ang ilang mahahalgang detalyeng dapat mong tandaan.

- Gumagamit tayo ng mga salitang naglalarawan sa pagbibigay-katangian sa mga tao, bagay, pook o pangyayari.
- Maaaring gamitin ang kasalungat na katangian o kahulugan ng anumang inilalarawan.
- Kasalungat ng salita o kahulugan ang tawag sa anumang salita na hindi kaayon o kontra sa isang inilalarawan o bagay na pinag-uusapan.

## Subukin

Panuto: Basahin at unawain ang teksto. Hanapin sa loob ng kahon ang kasalungat na salita ng mga salitang may salungguhit.

### PARTIDO KOMUNISTA

Oktubre 1, 1949 nang itatag ang People's Republic of China batay sa ideolohiya at organisasyon ng Partido Komunista ng Tsina. Ang (1) pinakamataas na puno nito ay puno rin ng pambansang pamahalaan ng Sentral ng Komite na may 200 kasapi na gumagawa ng batas para sa Tsina. Ang Saligang Batas ng Tsina ay ipinaloob sa (2) "Maliit na Pulang Aklat."

Dahil sa (3) lumalaking populasyon, naging adhikain na (4) mapalakas ang ekonomiya kaya't (5) sinimulan ang industriyalisasyon ng Tsina. Hindi ito natamo kaya (6) nangamba ang mga Red Guard, na binubuo ng mga (7) batang Tsino. Iniisip nila na baka bumalik ang Tsina sa tradisyunal na kalakarang "Ang (8) mayayaman ay lalong yayaman at ang mahihirap ay lalong maghihirap". Nagkaroon ng (9) mapayapang demonstrasyon upang muling ituro ang aral ng komunismo. Ipinasara ang mga paaralan at pabrika at pinahinto ang pagsasaka upang (10) mapadali ang pagtuturo sa mga Tsino ng komunismo.

matatanda	mararangya
natatakot	winakasan
mapahirap	mapatagal
mapabagal	pinakamababa
mahihirap	munti
pinatigil	napanatag
lumiliit	magulo
malaki	mapahina
marahas	pinatigil

Kunin mong muli ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro at iwasto mo ang iyong mga kasagutan.

Kung mataas ang nakuha mong marka, maaari ka nang magsimula sa kasunod na aralin ngunit kung mababa, sagutin mo mung ang gawaing "Paunlarin". Kayang kaya mo ito sapagkat kaugnay naman ito sa katatapos lang na gawain.

Sige, simulan mo na!

## Paunlarin

Panuto: Basahin at unawain ang sumusunod na pangungusap at pagkatapos ay hanapin sa loob nito ang kasalungat na kahulugan ng salitang may salungguhit.

1. May mga proyektong mabilis na naisasagawa sa mga lipunang maliit ang populasyon subalit mahirap para sa bansang may malaking bilang.
2. Sinasabing ang kaunlaran ng isang bansa ay matatamo sa pagtutulungan ng mga namumuno ngunit madarama ang kahirapan kung walang pagkakaisa.
3. Karapatan ng isang mamamayan ang magkaroon ng mabuting pinuno sapagkat walang sinumang nagnais na mapasailalim sa masamang namumuno.
4. Ang isang mabuting pinuno ay modelo ng kabutihan at di dapat kakitaan ng anumang bakas ng kasamaan.
5. Kinakailangan ding may matatag na paninindigan ang isang pinuno upang hindi masabing mahina ang kanyang pamamalakad.

Upang malaman mo ang iskor ng iyong huling gawain, kunin mo ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro.

Maaari ka na ngayong magsimula sa kasunod na aralin.

## Sub Aralin 3

Pagsasama-sama ng magkakasalungatang ideya at kaisipan

## Layunin

Napagsasama-sama ang mga magkakasalungatang ideya at kaisipang nakapaloob sa akda

Nasusuri ang teksto batay sa istilo sa pagbuo ng salita

## Alamin

Mahamanap mo kaya sa loob ng kahon ang pangalan ng apat na natatanging lider na Asya?

A	A	B	H	O	C	H	I	N	M	I	N	K	X	X
F	E	R	D	I	N	A	N	D	M	A	R	C	O	S
X	Z	L	S	U	N	Y	A	T	S	E	N	A	Z	Z
M	N	Q	R	S	T	U	V	W	X	Y	Z	A	E	C
P	Q	M	A	H	A	T	M	A	G	A	N	D	H	I

Madali mo bang nahanap ang pangalan ng apat na lider?

Tama ka at magaling kung nakita mo ang pangalan ni Ho Chin Mink, Ferdinand Marcos, Sun Yat Sen at Mahatma Gandhi.

Alam mo ba kung bakit sila tinaguriang natatanging lider ng Asya?

Tinagurian silang natatanging lider ng Asya sapagkat bawat isa sa kanila ay may kanya-kanyang pangunahing prinsipyo o paniniwala sa kanilang pamumuno. May naniniwalang dapat pairalin ang demokratikong pamamalakad sa pamahalaan at mayroon din namang naniniwalang dapat gamitan ng kamay na bakal ang pamamalakad ng pamahalaan.

Sa iyong palagay, naging epektibo kaya silang lider sa paraan ng pamamalakad na ginawa nila sa bayan at sa uri ng pamahalaang kanilang ipinatupad?

May kaugnayan ito sa tekstong iyong babasahin! Unawaan mo sana itong mabuti.

Maligayang pagbabasa!

## Linangin

### SISTEMANG PULITIKAL SA BANSA

(1) Maraming uri ng pamahalaan ang umiiral sa Asya at ang bawat bansa na bumubuo ng **mahigit** na 48 na bansa sa Asya ay may sariling sistemang politikal. Bagamat may pagkakahawig, ang mga sistemang ito ng pamahalaan, ang bawat bansa naman ay may kalayaang patakbuhan ito nang ayon sa kanilang istilo o pamamaraan tulad ng demokratikong pamahalaan ng Pilipinas na may sinusunod na saligang-batas.

(2) Ang Pilipinas ay may tatlong sangay na nagtutulong-tulong sa pagganap ng **mahalaga** at makabuluhang tungkulin para sa kapakanan ng mga mamamayan at bansa sa kasalukuyan. Bukambibig ng karamihan na napakahusay ng sistemang ito ng pagkakahati-hati ng kapangyarihan upang higit na maging maunlad ang sistema ng pamamahala. Ang mga sangay na ito ay ehekutibo (executive) tagapagantas o lehislatibo (legislative) at tagahukom o hudikatura (judiciary). Iba-iba ang tungkulin ng mga sangay na ito subalit pantay-pantay naman ang kapangyarihan ng mga ito, kaya malaya silang makakilos nang maayos at walang kinikilingan

(3) Pangulo o presidente ang tawag sa pinuno at siya ang may pinakamataas na tungkulin sa bansa. Taglay niya ang kapangyarihan ng ehekutibo o pinunong **panseremonya** ng bansa sapagkat siya ang tumatayong punong-bayan. Naluklok siya sa pamamagitan ng isang itinakdang halalan at nagtamo ng pinakamataas na

boto mula sa mga botante. Ang paghirang ng mga miyembro ng gabinete ay kabilang sa mga tungkulin ng presidente. Ang mga ito ang matapat na kaalyado na tutulong sa kanya sa pagpapatakbo ng pamahalaan ngunit hindi naman nangangahulugan na magiging sunud-sunuran na sila sakagustuhang mangyari ng pangulong humirang sa kanila.

(4) Isa pa ring uri ng pamahalaan sa Asya ang Monarkiya na dating namamayani sa bansang Turkey, Tsina, Arabs at India. Nasa kamay ng hari at reyna ang kapangyarihan. Lubos ang kanyang kapangyarihan kung makontrol niya ang buhay ng kanyang nasasakupang mamamayan subalit hindi tinatangkilik ng ibang bansa ang ganitong uri ng pamahalaan sapagkat ang hari o reyna ay namumuno nang ayon sa kanyang kagustuhan at sa takdang panahong nais niyang mamuno na kadalasan ay tumatagal nang habambuhay at hindi sang-ayon dito ang ibang taong-bayan.

(5) Iyan marahil ang larawang nais iwasan ng pamahalaan ng Pilipinas kung kayat isang bungantulog sa bayang Pilipinas ang nasabing uri ay pamahalaan at ang umusbong ay ang pamunuan ng isang diktador o pangkat ng mga taong makapangyarihan at tinatawag na diktadora. Ang uri ng pamahalaan ay may simulain o ideolohiyang isinusulong at ipinatutupad ngunit walang kalayaan ang mga mamamayan sa ganitong uri ng pamahalaan. Nasisikil ang mga karapatang kumilos. Tikom ang bibig ng mga mamamahayag at mga taong kumakalaban sa pamahalaan. Bulag at bingi ang ilang pinuno sapagkat nasa kamay ng diktador na namumuno ang lahat ng pagpapasya at ng ilang grupong makapangyarihan.

(6) Sa kapangyarihang taglay, maraming larawang-diwa ang maaaring mabuo sa inyong isipan at di maiiwasang pagsumikapang makapamilya kung alin ang nanaisin ninyong umiral sa bansa: Ang kapayapaan sa kamay na bakal ng isang diktador o ang masalimuot na mundo ng kalayaan sa katiwasayan ng demokratikong pamahalaan?

Naunawaan mo ba ang iyong binasa?

Magaling kung gayon!

Suriin mo naman ngayon kung paano ginamit sa pangungusap ang mga pang-ugnay na ikinahon sa bawat talata ng teksto.

1. Maraming sistemang pulitikal na pinairal sa bawat bansa sa Asya bagamat may pagkakahawig, malaya naman silang patakbuhan ng ayon sa kanilang kagustuhan.
2. Ang pamahalaan ng Pilipinas ay may tatlong sangay na may iba't ibang tungkulin subalit pantay-pantay naman ang kapangyarihan ng mga ito.

3. Ang mga hinirang na miyembro ng gabinete ay kaalyado ng pangulo na katulong sa pagpapatakbo ng pamahalaan ngunit hindi naman sila magiging sunud-sunuran sa kagustuhang mangyari ng pangulo.
4. May mga bansa sa Asya na nagpapatupad ng Monarkiyang uri ng pamahalaan subalit hindi ito tinangkilik ng ibang bansa.
5. Ang diktador na uri ng pamahalaan ang may simulain o ideolohiyang isinusulong at ipinatutupad ngunit walang kalayaan ang mga mamamayan sa ganitong uri ng pamahalaan.

Masasabi mo na ba kung paano ginagamit sa pangungusap ang mga pang-ugnay na bagamat, datapwat, subalit at ngunit?

Tama! Ang mga pang-ugnay na ito ay ginagamit upang ipakita o ipahayag ang pagsalungat sa isang ideya o kaisipan.

Gumagamit tayo ng mga pang-ugnay na nagpapahayag ng pagsalungat o pagtutol sa isang ideya o kaisipan kapag tayo ay nangangatwiran o nagpapahayag ng argumento hinggil sa isang ideya o paksa.

Narito ang ilan pang halimbawa ng pangungusap ng mga magkasalungat na ideya at kaisipan.

- Masarap mamuhay sa demokratikong bansa sapagkat malayang naisasagawa ng mga mamamayan ang anumang naisin subalit kapuna-puna naman na nagiging abusado ang ilan na kadalasa’y nakagagawa na sila ng mga bagay na labag sa batas.
- Makabubuti raw na ipatupad na muli ang “Martial Law” upang matigilan na ang mga kaliwa’t kanan na kilos protesta na nakasasama sa imahe ng ating bansa sa mga dayuhang investor ngunit wala namang katiyakan na makababangong muli ang ekonomiya ng ating bansa at dadagsa ang mga dayuhang mangangalakal kapag ipinatupad na muli ang Martial Law.

Maliwanag na siguro sa iyo kung paano masusuri ang magkakasalungatang ideya o kaisipan.

Suriin naman natin ngayon sa tekstong iyong binasa ang istilo ng pagkakabuo ng mga salita sa loob ng mga pangungusap.

Handa ka na ba? Sige, magpatuloy ka!

Ang isang istilo sa pagbubuo ng mga salita ay sa pamamagitan ng:

➤ *Paglalapi*

Gumagamit tayo ng mga panlapi – unlapi, gitlapi, hulapi, kabilaan at laguhan sa pagbubuo ng mga salita.

- *Paggamit ng unlapi*

Ang mga salitang **mahigit** at **mahalaga** na nakabold sa una at ikalawang talata ng tekstong iyong binasa ay nabuo sa pamamagitan ng unlaping *ma* at salitang-ugat na *higit* at *halaga*.

Ang salitang **panseremonya** sa ikatlong talata ay nabuo rin sa pamamagitan rin ng pagdaragdag ng unlaping *pang* sa salitang-ugat na *seremonya*.

Kapuna-puna na ang letrang g sa unlaping pang ay nawala. *Asimilasyon* ang tawag dito – naasimila ang letrang g ng mga panlaping pang, nang, at mang, nakapag at iba pang kauri nito kapag ang sinusundang salitang-ugat ay nag-uumpisa sa mga letrang d, l, r, s, t.

Ang unlapi ay ininadagdag sa unahan ng salitang-ugat.

- *Paggamit ng gitlapi*

Sa ikaapat na talata, ginamit ang salitang **tinangkilik** na nabuo sa pamamagitan ng salitang-ugat na *tangkilik* at gitlaping *in*.

Ang gitlapi ay idinadagdag o isinisingit sa gitna ng salitang-ugat.

- *Paggamit ng hulapi*

Sa talata lima at anim makikita ang salitang **iwasan** at **isipan**. Ang mga salitang ito ay nabuo sa pamamagitan ng pagdaragdag ng hulaping *an* sa salitang-ugat sa *iwas* at *isip*.

Ang hulapi ay idinaragdag sa hulihan ng salitang-ugat.



- *Paggamit ng unlaping kabilaan*

Ang mga salitang **kalayaan**, **kapayapaan** at **katiwasayan** na makikita sa talata lima at anim ay nabuo naman sa pamamagitan ng pagkakabit ng panlapi sa unahan (*ka*) at hulihan (*an*) ng salitang-ugat na *laya*, *payapa* at *tiwasay*.

- *Paggamit ng panlaping laguhan*

Sa talata anim ginamit ang salitang **pagsumikapan** kung saan ikinabit sa salitang-ugat na *sikap* ang unlaping *pag*, gitlaping *um* at hulaping *an*.

Pansinin at suriin mo ang mga salita sa dayagram ng kakikitaan ng iba pang halimbawa ng mga salitang-ugat na inunlapian.

	<i>Salitang ugat</i>	<i>Panlapi</i>	<i>Uri ng panlapi</i>
mag-aral	aral	mag	unlapi
mahirang	hirang	ma	unlapi
bumuo	buo	um	gitlapi
binili	bili	in	gitlapi
kalinisan	linis	ka, an	kabilaan
pakinisin	kinis	pa, in	kabilaan
magdinuguan	dugo	mag, in, an	laguhan

Maliwanag na ba sa iyo kung paano nabubuo ang ilang salita sa pamamagitan ng paggamit ng panlapi?

Mabuti at magaling kung uunawain mo!

Balikan mong muli ang tekstong iyong binasa at suriin ang mga salitang sinalungguhitan sa una hanggang ikaanim na talata.

Narito ang mga salitang itong makikita.

saligang-batas	taong-bayan
bukambibig	bungantulog
punong-bayan	larawang-diwa

Ang mga salitang nasa loob ng kahon ay may kaugnayan pa rin sa isa pang istilo sa pagbuo ng salita at ito ay sa pamamagitan ng *pagtatambal*.

➤ *Pagtatambal ng salita*

May mga salita na mabubuo sa pamamagitan ng pagtatambal. Ang pagtatambal ng salita ay may dalawang anyo.

- *Tambalang ganap*

Ang tambalang ganap ay binubuo ng dalawang salitang pinagtambal na nawawala ang kahulugan ng bawat salita at nagkakaroon ng ikatlong kahulugan.

Sa tambalang ganap ang dalawang salitang pinagtambal ay hindi ginagamitan ng gitling.

Halimbawa: Bahag at hari

Ang salitang bahag at hari ay may sariling kahulugan:

Bahag - kasuotang pang-ibaba ng mga katutubong Igorot.

Hari - pinuno ng isang kaharian

Kapag pinagtambal ang dalawang salitang ito (bahaghari) ay nagkakaroon ng ikatlong kahulugan na ang ibig sabihin ay “rainbow”.

- *Tambalang di-ganap*

Ang tambalang di-ganap binubuo na dalawang salitang pinagtambal ngunit hindi nawawala ang taglay na kahulugan ng dalawang salita at ito ay ginagamitan ng gitling.

Halimbawa:

Dagang-bahay

Bungang-araw

Ang paglalapi at pagtatambal ng salita ay ilan lamang sa istilo sa pagbubuo ng salita na makatutulong upang higit nating mapaunlad ang ating bokabularyo.

Ngayong alam mo na ang ilang istilo sa pagbuo ng salita, subukan naman natin ngayon kung magagamit mo ito nang wasto sa mga kaugnay na gawaing inihanda ko.

Sige, magpatuloy ka...

## Gamitin

### Gawain 1

Panuto: Hanapin sa hanay B ang letra ng sumasalungat na kaisipan sa pahayag sa hanay A.

#### A

1. May kinalaman ang sistema ng pamahalaan sa kaunlaran ng isang bansa
2. May mga pinunong determinado at may matatag na layuning mapaunlad ang bansa
3. Sinasabing ang kaunlaran ng isang bansa ay matatamo sa pagtutulungan ng mga namumuno at mga pinamumunuan
4. Mahalaga na ang mga Asyano ay maging matalino sa pagpili ng mga namumuno para sa kaunlaran ng kanilang pamumuhay
5. Totoo nga at karapatan ng bawat mamamayan na magkaroon ng mabuting pinuno

#### B

- A. Subalit dumarating ang pagkaka-taong nagkaroon ng awayan at di pagkakaunawaan ang mga namumuno sa gobyerno na nagiging sanhi ng problema sa bansa.
- B. Subalit mag kaakibat itong katungkulan at pananagutan tungo sa pagsunod sa mga alituntunin, patakaran at pakikipagtulungan.
- C. Ngunit malaki pa rin ang papel na ginagampanan ng mga pinunong namamahala sa pagpapalakad ng pamahalaan
- D. Subalit marami naman sa mga mamamayang nasasakupan ang hindi kinakikitaan ng pagkakaisa sa hangarin ng mga pinuno
- F. Ngunit kinakailangang makiisa at sumunod sa anumang proyekto ng pamahalaan.

### Gawain 2

Panuto: Suriin ang mga salitang sinalungguhitan sa Gawain 1 sa pamamagitan ng pagtatala ng mga salitang dapat na ipuno sa dayagram.

	salitang ugat	panlapi	uri ng panlapi
1. awayan			
2. pagsunod			
3. malaki			
4. kaunlaran			
5. pinuno			

### Gawain 3

Panuto: Ayusin ang ginulong letra sa bawat kahon upang makabuo ng tambalang salita.

1	o t a	d u n k o b	- _____
2	l a d a a g	u b i k d	- _____
3	g n i i t	s a o	- _____
4	n a a k	s p a i w	- _____
5	p t k a i	s i m l i	- _____

Nasiyahan ka ba sa pagsagot?

Kunin mo ngayon ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro at iwasto mo ang iyong mga kasagutan.

Tama bang lahat ang sagot mo?

Magaling kung tamang lahat ngunit huwag kang mag-alala kung may kaunting kamalian.

Basahin mo ang susunod na gawain, makadaragdag pa ito ng paglilinaw sa araling iyong pinag-aralan.

### Lagumin

Narito ang ilang puntong dapat mong tandaan:

- Sa pagpapahayag ng pagsalungat o pagtutol sa isang ideya o kaisipan, maaaring gumamit ng mga pang-ugnay na nagpapahayag ng pagsalungat o pagtutol gaya ng subalit, ngunit, bagamat, datapat at iba pang kauri nito.
- Isang istilo sa pagbuo ng salita ay sa pamamagitan ng paglalapi.  
Mayroong limang uri ng mga panlaping maaaring ikabit sa mga salitang-ugat upang makabuo ng mga salitang maylapi.
  1. unlapi – panlaping isinisingit sa unahan ng salitang-ugat.
  2. gitlapi – panlaping isinisingit sa loob ng salitang-ugat.
  3. hulapi – ikinakabit sa hulihan ng salitang-ugat.
  4. kabilaan – panlaping ikinakabit sa unahan at hulihan ng salitang-ugat
  5. laguhan – panlaping ikinakabit sa unahan, gitna at hulihan ng salitang-ugat.
- Ang pagtatambal ay isa pang istilo sa pagbuo ng salita. Ito ay may dalawang anyo.
  1. Tambalang-ganap- binubuo ng dalawang magkaibang salitang pinagtambal na ang nabuong salita’y nagkakaroon ng ibang kahulugan. Walang gitling sa pagitan ng dalawang salitang

pinagtambal kung ito ay nagkakaroon ng ibang kahulugan o ikatlong kahulugan.

2. Tamabalang di-ganap- binubuo ng dalawang magkaibang salitang pinagtambal na mananatili ang kahulugan ng pinagtambal na salita. May gitling (-) sa pagitan ng dalawang salitang pinagtambal kung nananatili ang kahulugan nito.

Nawa'y nakatulong sa iyong lubusang pag-unawa ang mga paliwanag na katatapos mo lamang basahin.

Maaari mo na ngayong umpisahan ang pagsagot sa mga pagsubok na inihanda ko.

### **Subukin**

Basahin, unawain at suriin ang mga salita at pangungusap sa loob ng teksto.

#### **EKONOMIYA NG PILIPINAS**

(1) Ang Pilipinas ay isang bansang sagana sa mga yamang-likas na kapag nalinang nang husto ay magpapaunlad sa ekonomiya nito ngunit ang kakulangan sa mga makabagong makinaryang pang-agrikultura na maaaring magamit sa paglinang ng likas na yaman ay patuloy pa ring suliranin ng bansa.

(2) Maraming mga lupang sakahan sa Pilipinas ay natataniman ng palay, mais, abaka, gulay at mga punong-kahoy na namumunga subalit kung minsa'y di napakikinabangan ang mga lupang ito lalo pa't kadalasang nagiging problema ang patubig sa mga bukid.






(3) Ang mga taong-bundok ng Cordillera na kilala sa tawag na Ifugao ay hinahangaan sa buong mundo dahil sa kanilang ginawang *Banue Rice Terraces* na napasama sa *Eight Wonders of the World*. Kahanga-hanga ang kanilang kasipagan na kahit takipsilim ay nagtatrabaho pa rin sa ibabaw ng bundok. Ang *Tinawon* ay uri ng palay na tumutubo sa *Banaue Rice Terraces* na itinuturing na pinakamahasay na uri ng bigas dahil mabango, masarap at nakatatagal sa lamig ay dapat na natitikman at siyang nakakain ng mga Pilipino ngunit nakalulungkot isipin na ang masarap na bigas na ito na produkto ng Pilipinas ay ibang bansa ang nakikinabang.

(4) Sa kasalukuyan ay patuloy na nililinang ang deposito ng langis at petrolyo sa dagat ng Palawan at Cebu subalit magpahanggang ngayon ay wala pang resulta ang proyektong ito kung kayat patuloy pa rin ang pag-angkat na mga langis at petrolyo sa ibang bansa.

(5) Ang patuloy na pagtaas ng presyo ng mga bilihan, pagbagsak ng piso laban sa dolyar, kakulangan sa pagkain, sunud-sunod na kalamidad, kakulangan ng mapapasukang hanapbuhay, kawalan ng katatagang pampolitika at kaguluhan sa Mindanao ay nagbibigay ng matinding suliranin sa Pilipinas. Bagama't nahaharap sa matinding suliranin ang bansa, patuloy pa rin ang pamahalaan sa pagsisikap na ihanap ng resolusyon ang mga suliraning nabanggit.

**Gawain 1**

Panuto: Hanapin sa loob ng teksto ang sumasalungat sa ideya o kaisipang nakasulat sa kabilang hanay. Isulat sa katapat na patlang ang sagot.

Magkasalungatang Ideya	
1. Ang Pilipinas ay sagana sa mga yamang-likas	 _____ _____ _____
2. _____ _____ _____	 subalit kung minsa'y di napakikinabangan ang mga lupang ito dahil sa problema sa patubig
3. Ang <i>Tinawon</i> ay itinuturing na pinakamahusay na uri ng na itinatanim ng masisipag na Ifugao	 _____ _____ _____
4. Sa kasalukuyan ay patuloy na nililinang ang deposito ng langis at petrolyo sa dagat ng Palawan at Cebu	 _____ _____ _____
5. _____ _____ _____ _____ _____	 Bagamat nahaharap sa matinding suliranin ang bansa, patuloy pa rin ang pamahalaan sa pagsisikap na ihanap ng solusyon ang suliraning nabanggit

## Gawain 2

Panuto: Isulat ang salitang maaaring mabuo sa sinalungguhitang salita batay sa panlaping hinihingi sa bawat bilang.

1. Ang bansang Pilipinas ay sagana sa mga likas na yaman.  
Gitlapi: \_\_\_\_\_
2. Maraming lupa ang Pilipinas na maaaring pagsakahan.  
Hulapi: \_\_\_\_\_
3. Kilala sa tawag na Ifugao ang mga taga-Cordillera.  
Kabilaan: \_\_\_\_\_
4. Pagbagsak ng piso laban sa dolyar ang isang problemang pang-ekonomiya ng bansang Pilipinas  
Kabilaan: \_\_\_\_\_
5. Ifugao ang tawag sa mga naninirahan sa bundok Cordillera.  
Kabilaan: \_\_\_\_\_

## Gawain 3

Panuto: Hanapin sa loob ng tekstong iyong binasa ang limang (5) tambalang salitang ginamit.

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_
4. \_\_\_\_\_
5. \_\_\_\_\_

Kunin mong muli ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro at iwasto ang iyong mga kasagutan.

Kumusta ang iyong iskor? Kuna mataas ang nakuha mong marka, maaari ka nang magsimula sa kasunod na aralin ngunit kung mababa ang nakuha mong marka, sagutin mo muna ang kasunod na gawain, ang bahaging “Paunlarin”. Kaugnay pa rin ito ng katatapos lang na gawain.

Sige, magpatuloy ka!

## Paunlarin

### Gawain 1

Panuto: Hanapin at piliin sa bawat talata ang limang (5) mga pang-ugnay na ginamit sa tekstong binasa na nagpapahayag ng pagsalungat.

- Tatala 1 - \_\_\_\_\_
- Talata 2 - \_\_\_\_\_
- Talata 3 - \_\_\_\_\_
- Talata 4 - \_\_\_\_\_
- Talata 5 - \_\_\_\_\_

### Gawain 2

Panuto: Ibigay ang salitang-ugat ng sumusunod na salitang inunlapian.

- 1. kakulangan - \_\_\_\_\_
- 2. hinahangaan - \_\_\_\_\_
- 3. kawalan - \_\_\_\_\_
- 4. ginawa - \_\_\_\_\_
- 5. kasipagan - \_\_\_\_\_

### Gawain 3

Panuto: Tukuyin kung tambalang ganap o tambalang di-ganap ang sumusunod na pinagtambal na salita.

- 1. yamang-likas - \_\_\_\_\_
- 2. taong-bundok - \_\_\_\_\_
- 3. takipsilim - \_\_\_\_\_
- 4. hanapbuhay - \_\_\_\_\_
- 5. punong-kahoy - \_\_\_\_\_

Kunin mong muli ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro at iwasto mo ang iyong mga kasagutan.

Maaari ka na ngayong magsimula sa kasunod ng aralin.



## Sub Aralin 4

### Pagbabaybay ng Salita Batay sa Binagong Alpabeto

#### Layunin


Nagagamit nang wasto ang panuntunan sa pagbabaybay ng salita batay sa binagong alpabeto partikular sa paggamit ng mga letrang F, J, V, Z

Nakasusulat ng sariling reaksiyon at saloobin batay sa isang tiyak na paksa gamit ang wastong panuntunan sa pagbabaybay ng salita batay sa binagong alpabeto

#### Alamin

Suriin mong mabuti ang mga letrang nakapaloob sa VENN DIAGRAM.

Matutukoy mo kaya kung sa hugis tatsulok, bilog o parisukat nakapaloob ang binagong alpabetong Filipino?



#### Linangin

Nasuri mo bang mabuti ang mga letrang nakapaloob sa bawat hugis at kung saan sa mga ito nakapaloob ang binagong alapabetong Filipino?

Tama ang sagot mo kung sa hugis bilog mo natagpuan ang binagong alpabetong Filipino.

Alam mo ba kung bakit iyon ang sagot? Sige, basahin mo ang mga kasunod na paliwanag.

Ang bagong alapabetong Filipino ay binubuo ng dalawampu't walong (28) letra. Ang dalawampung letra nito ay mula sa orihinal na abakada ( A, B, K, D, E, G, H, I, L, M, N, NG, O, P, R, S, T, U, W, Y ) at idinagdag ang hiniram na walong letrang banyaga ( C, F, J, Ñ, Q, V, X, Z ).

Sa kasalukuyan, bigkas ingles ang bigkas sa mga letra ng alpabetong Filipino maliban sa ñ/enye na tawag-kastila.

Sa ganitong paraan mo bibigkasin ang bagong alpabetong Filipino.

A	B	C	D	E	F	G	H	I	J
/ey/	/bi/	/si/	/di/	/i/	/ef/	/dzi/	/eyts/	/ay/	/dzey/
K	L	M	N	Ñ	NG	O	P	Q	R
/key/	/el/	/em/	/en/	/enye/	/endzi/	/o/	/pi/	/kyu/	/ar/
S	T	U	V	W	X	Y	Z		
/es/	/ti/	/yu/	/vi/	/dobol yu/	/eks/	/way/	/zi/		

Ngayong alam mo na kung paano ang tamang bigkas sa bawat letra ng bagong alpabetong Filipino, alamin mo naman ngayon kung paano binabaybay ang bagong alpabeto.

Sige magpatuloy ka.

Patitik at hindi papantig ang pasalitang pagbabaybay sa Filipino.

Halimbawa: termino: t-e-r-m-i-n-o  
ekonomiya: e-k-o-n-o-m-i-y-a

Nananatili pa rin ang tuntuning kung ano ang bigkas ay siyang sulat at kung ano ang sulat ay siyang basa sa pagbabaybay ng mga katutubong salita gayundin sa mga hiniram na salita na naasimila na sa sistema ng pagbaybay sa wikang pambansa.

Mababasa mo naman ngayon ang mga tuntunin sa paggamit ng walong (8) dagdag na letra sa lahat ng hiram na salita batay sa nirevisang tuntunin sa ispeleng.

## Mga Tuntunin sa Panghihiram

1. Sundin ang mga sumusunod na lapit sa paghahanap ng panumbas sa mga hiram na salita:

a. Gamitin ang kasalukuyang leksiyon ng Pilipino bilang panumbas sa mga salitang banyaga.

Halimbawa:

<i>Hiram na salita</i>	<i>Filipino</i>
attitude	saloobin
rule	tuntunin
west	kanluran

b. Kumuha ng mga salita mula sa iba't ibang katutubong wika ng bansa.

Halimbawa:

<i>Hiram na salita</i>	<i>Katutubong Wika</i>
imagery	haraya (Tagalog)
husband	bana (Hiligaynon)
Muslim priest	imam (Tausug)

c. Bigkasin sa orihinal na anyo ang hiniram na salita mula sa Kastila, Ingles at iba pang wikang banyaga, at saka baybayin sa Filipino.

Halimbawa:

<i>Kastila</i>	<i>Filipino</i>
cheque	tseke
liquido	likodo
qilates	kilatis

<i>Ingles</i>	<i>Filipino</i>
commercial	komersyal
economics	ekonomiks
radical	radikal

<i>Iba pang wika</i>	<i>Filipino</i>
comp d'etat (French)	komdeta
kimono (Japanese)	kimono
Glasnost (Russian)	glasnost

Malinaw ang mga lapit na panghihiram, gayon pa man, sa pagpili ng salitang gagamitin, isaalang-alang din ang mga sumusunod: (1) kaangkupan ng salita, (2) katiyakan sa kahulugan ng salita, at (3) prestihiyo ng salita.

2. Gamitin ang mga letrang C, Ñ, Q, X, F, J, V, Z, kapag ang salita ay hiniram ng buo ayon sa sumusunod na kundisyon:

a. *Pantanging ngalan*

Halimbawa:

*Tao*

Jose Rizal

Manuel Quezon

Ferdinand Velasco

*Lugar*

Valenzuela City

California

Venice

*Gusali*

Shangrila Plaza

State Condominium

*Pangyayari*

La Niña

Death March

Battle of Mactan

*Sasakyan*

Qantas Airlines

Doña Monserat

RRCG travel tours

b. *Salitang teknikal o siyentifiko*

Halimbawa:

x-ray                      zoom                      jewels

cortex                      enzyme                      quartz

c. *Salitang may natatanging kahulugang cultural*

Halimbawa:

cañao (Ifugao) “pagdiriwang”

señora (Kastila) “ale”

hadji (Maranao) “lalaking muslim na nakapunta sa Mecca”

d. *Salitang may regular na ispeling o gumagamit ng dalawang letra o higit pa na hindi binibigkas o ang mga letra ay hindi katumbas ng tunog.*

Halimbawa:

bouquet	rendezvous
plateau	champagne
monsieur	laissez faire

e. *Salitang may internasyonal na anyong kinikilala at ginagamit.*

Halimbawa:

taxi	exit	fax
------	------	-----

3. Gamitin ang mga letrang F, J, V, Z, para katawanin ang mga tunog /f/, /j/, /v/, /z/ kapag binaybay sa Filipino ang mga salitang hiram.

Halimbawa:

fixer	→	fikser
subject	→	sabjek
zipper	→	ziper

4. Gamitin ang mga letrang C, Ñ, Q, X sa mga salitang hiniram ng buo.

Halimbawa:

cell	reflex
cornie	requiem
cataluna	xenophobia

2001 Revisyon ng Alpabeto  
at Patnubay sa Ispeling ng  
Wikang Filipino

Siguradong nakatulong sa iyong pag-unawa ang kababasa mo lang na paliwanag kung paano mo magagamit nang wasto ang walong (8) dagdag na letra sa panghihiram gayundin ang wastong paraan ng pagbabaybay ng mga salitang hiram.

Huwag kang mag-alala sapagkat naghanda ako ng mga kaugnay na gawain upang lubusan mo pang maunawaan ang ating aralin.

Bago tayo dumako sa mga gawain, iisa-isahin ko muna sa iyo ang mga tiyak na paraan ng paggamit ng mga letrang F, J, V, at Z sa pagbabaybay ng salita sa binagong alpabeto.

Handa ka na ba? Sige, maaari mo nang simulan...

Mga Tiyak na Tuntunin sa Paggamit ng mga letrang F, J, V, at Z

- Letrang F  
Gamitin ang letrang F para sa tunog /f/ sa mga hiram na salita.  
foto                      french fries  
focus                     futbol  
fraternity                 fasiliteytor
  
- Letrang J  
Gamitin ang letrang J para sa tunog /j/ sa mga hiram na salita.  
jam                         jornal  
juice                        subjek  
jet                          jaket
  
- Letrang V  
Gamitin ang letrang V para sa tunog /v/ sa mga hiram na salita.  
video                      vertebrate  
verbatim                 volyum  
varayti                    valyu
  
- Letrang Z  
Gamitin ang letrang Z para sa tunog /z/ sa mga hiram na salita.  
zoo                         bazooka  
zinc                        bazaar  
zebra                      magazin

2001 Revisyon ng Alpabeto  
at Patnubay sa Ispeling ng  
Wikang Filipino

Marami-rami na ang nabasa mong paliwanag. Maaari ka na ngayong magsimula sa mga gawaing inihanda ko para sa iyong lubusang pagkatuto.

## Gamitin

### Gawain 1

Panuto: Basahin sa bigkas-Ingles ang sumusunod na letra maliban sa ñ (enye). Ilagay sa loob ng kahon ang walong (8) bagong letra na nadadagdag sa dating abakada.

A B C D E F G H I J K L M N Ñ  
N G O P Q R S T U V W X Y Z

1.	3.	5.	7.
2.	4.	6.	8.

### Gawain 2

Panuto: Isulat ang wastong baybay ng sumusunod batay sa alpabetong Filipino

1. cañon	_____	6. boxing	_____
2. ciudad	_____	7. virgin	_____
3. chinelas	_____	8. zapatos	_____
4. fogon	_____	9. carrera	_____
5. cigarillo	_____	10. querida	_____

### Gawain 3

Panuto: Piliin ang letra ng salitang may wastong pagkakabaybay sa Filipino ng mga salitang hiram na nakatala gamit ang mga letrang F, J, V, at Z para katawanin ang tunog /f/, /j/, /v/ at /z/.

- performance  
a. performans  
b. perpormans  
c. performance  
d. performance
- evaluate  
a. ebalweyt  
b. evalweyt  
c. evaluate  
d. ebaluate
- analyze  
a. analais  
b. analyse  
c. analys  
d. analays
- formulate  
a. formulete  
b. pormuleyt  
c. formuleyt  
d. formyuleyt

5. specific

- a. espesipik
- b. espesific

- c. specific
- d. especipik

Madali mo bang nasagutan ang mga gawain? Kunin mo ngayon ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro at iwasto mo ngayon ang iyong mga kasagutan.

Kumusta ang iyong iskor? Kung tama lahat ang sagot mo, magaling! Kung mayroon namang kamalian, basahin mo at unawaang mabuti ang mga paliwanag ko sa susunod na gawain.

Tiyak kong makatutulong ito sa iyo.

Sige, maaari mo nang simulan...

### Lagumin

Narito ang ilang mahahalagang impormasyon na dapat mong tandaan sa pagbabaybay ng salita batay sa binagong alpabeto.

1. Sa paghahanap ng panumbas sa mga salitang hiram, maaaring sundin ang sumusunod na paraan:
  - Gamitin ang leksikon ng kasalukuyang Filipino sa panumbas sa mga mga salitang hiram.
    - Ang leksikon ay talaan ng mga salita ng isang partikular na wika na inaayos nang paalpabeto o sa anumang maayos na paraan at may kaukulang kahulugan o depinisyon.
  - Maaaring kumuha o gumamit ng mga salitang mula sa ibang katutubong wika ng bansa.
  - Bigkasin sa orihinal na anyo ang hiniram na salita mula sa Kastila, Ingles at iba pang wikang banyaga, at saka baybayin sa Filipino.
2. Gamitin ang walong (8) dagdag na letra (C, Ñ, Q, X, F, J, V, Z) kapag ang salita ay hiniram ng buo ayon sa sumusunod na kundisyon:
  - Pantanging ngalan ng tao, lugar, gusali, pangyayari at sasakyan.
  - Salitang teknikal o siyentipiko
  - Salitang may natatanging kahulugang kultural
  - Salitang may iregular na ispeling o gumamit ng dalawang letra o higit pa na hindi binibigkas o ang mga letra ay hindi katumbas ng tunog.



- Salitang may internasyonal na anyong kinikilala at ginagamit.
3. Gamitin ang mga letrang F, J, V, Z, para katawanin ang mga tunog /f/, /j/, /v/, /z/ kapag binaybay sa Filipino ang mga salitang hiram.
  4. Gamitin ang mga letrang C, F, Q, X sa mga salitang hiram ng buo.

Lubusan mo na bang naunawaan ang panuntunan sa pagbabaybay ng salita batay sa binagong alpabeto?

Maaari mo na ngayong sagutin ang mga kaugnay na gawain tungkol sa mga paliwanag na iyong nabasa.

**Subukin**

**Gawain 1**

Panuto: Suriin ang mga salitang hiram na sinalungguhitan sa loob ng pangungusap. Lagyan ng masayang mukha ☺ kung ang salitang sinalungguhitan ay umaayon sa tuntunin sa ispeleng ng bagong alpabetong Filipino at malungkot ng mukha ☹ kung hindi.

1. Damang-dama sa kasalukuyan ang kakulangan ng elektrisidad sa ating bayan.
2. Marami pa rin sa ating mga kababayan ang tumatangkilik sa pagbili ng mga di-koryenteng applayanses.
3. Hindi pa rin mapigilan ang matagal na panonood ng telebisyon gayong malakas din itong kumunsumo sa kuryente.
4. Bukod sa kuryente, kulang na kulang din sa ibang lugar ang suplay ng tubig.
5. Nakagagamit na ng maraming tubig ang mga mamamayan na kadalasa’y mayroong mga bayrus na nagiging sanhi ng iba’t ibang sakit.

**Gawain 2**

Panuto: Baybayin sa Filipino ang sumusunod na salitang hiram gamit ang mga letrang F, J, V, at Z para katawanin ang letrang /f/, /j/, /v/ at /z/.

1. cognitive - \_\_\_\_\_
2. effective - \_\_\_\_\_
3. vision - \_\_\_\_\_
4. objective - \_\_\_\_\_
5. memorize - \_\_\_\_\_

### **Gawain 3**

Panuto: Hanapin ang anim (6) na magkakaugnay na kaisipan at pagsama-samahin ang mga ito upang makabuo ng isang talatang nagbibigay-reaksyon na ginagamitan ng mga salitang binaybay batay sa binagong alpabeto. Huwag isama ang mga kaisipang walang kaugnayan.

- Maraming makabuluhang prajek ang maaaring isagawa ng pamahalaan upang mabantayan ang mga ganitong uri ng advertisement tulad ng ginagawa ng MTRCB na nagsasagawa ng revyu sa pelikula bago ipalabas sa mga sinehan at telebisyon.
- Lumalalang Mass Media
- Kung bakit naman kasi walang humpay ang pagtaas ng halaga ng kuryente.
- Nagbabasa ka ba ng mga magazine o nanonood kaya ng telebisyon na kakikitaan ng iba't ibang uri ng advertisement?
- Hanggang kailan kaya tayo magtitiis sa kahirapang nararanasan natin sa kasalukuyan?
- Nakalulungkot isipin na ang ganitong uri ng mass media ay kakikitaan natin ng malalaswang larawang viswal.
- Ibang-iba ang mga kabataan ngayon!
- Kung babaybayin ang kahabaan ng Rizal Avenue at Ayala Boulevard, di maiiwasang mapatingin tayo sa mga naglalakihang bill boards kung saan mapapansin ang larawan ng mga modelo na halos nakalabas na ang mga pribadong parte ng katawan.
- Iwasan na lamang manood ng matagal upang hindi manlabo ang mga mata.
- Di tuloy maiiwasang makapagbigay ng fidbak ang sinumang makakikita sa mga ito!

Ganito ang magiging format ng iyong talata.

<hr/> (1) Pamagat
(2) _____ _____ _____
(3) _____ _____ _____
(4) _____ _____ _____
(5) _____ _____ _____
(6) _____ _____ _____

Nasiyahan ka ba sa pagsagot sa mga Gawain? Tingnan mo ang resulta ng iyong mga kasagutan. Kunin mong muli ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro at iwasto mo ang iyong mga kasagutan.

Kung mataas ang nakuha mong marka, maaari ka nang magsimula sa kasunod na gawain ngunit kung hindi, sagutin mo muna ang gawaing “Paunlarin” kayang-kaya mo ito sapagkat kaugnay naman ito sa katatapos lang na Gawain.

Maaari mo nang simulan.

## Paunlarin

Panuto: Basahing muli ang mga pangungusap na Gawain 3. Hanapin at isulat ang sampung (10) salitang binaybay batay sa binagong alpabeto na nakapaloob sa mga nakatalang pangungusap. Isulat ang mga ito sa loob ng kahon.

- |          |           |
|----------|-----------|
| 1. _____ | 6. _____  |
| 2. _____ | 7. _____  |
| 3. _____ | 8. _____  |
| 4. _____ | 9. _____  |
| 5. _____ | 10. _____ |

Madali lang di ba? Kunin mong muli ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro at iwasto mo ang iyong mga kasagutan.

Sagutin mo ngayon ang kasunod na pagsubok. Ang mga katanungan dito ay may kaugnayan sa apat (4) na araling tinalakay natin.

Maaari ka nang magsimula...



## *Gaano ka na kahusay?*

A. Panuto: Suriin ang sumusunod na pangungusap at tukuyin kung ang mga ito'y pangungusap na nagpapahayag ng pagpapaliwanag o pangungusap na nagpapahayag ng pangangatwiran.

1. Tinaguriang “Maliit na Dragon” at “Tigre ng Asya” ang Taiwan, Timog Korea, Singapore at Hong Kong. Bunsod ng pagsulong ng kanilang ekonomiya, pagbabagong ginawa sa industriya, paggamit ng mga teknolohiya at pagkakaroon ng matatag na pamahalaan.
2. Ang pamumuno ni Punong Ministro Lee Kuan Yew ay naging malaking salik sa pag-unlad ng Singapore sapagkat naakit ang mga negosyanteng namumuhunan sa kanyang matatag at mahusay na pangangasiwa ng bansa.
3. Matagumpay na nakikipagkumpetensya ang mga produkto ng Timog Korea - gaya ng mga gamit na elektronik, kotse at gamit pambahay – sa pamilihing pandaigdig.
4. Nagkaroon ng riberal na sistema ng pagbubuwis ang Hong Kong mula pa noong 1950 kaya naakit na magtayo ng negosyo ang mga dayuhang kapitalista.

5. Taun-taon, lumalaki ang per capital income (PCI) ng taga-Hong Kong at ito ang isang palatandaan ng magandang kalagayang ekonomiko ng lungsod.

B. Panuto: Hanapin sa loob ng talata ang kasalungat na kahulugan ng mga salitang nasa loob ng kahon.

#### PATAKARANG WALANG KINIKILINGAN

Ang mga bansang Asyano ay nahati sa dalawang magkatunggaling ideolohiya: demokratikong pamumuhay at komunismo. Ang India ay hindi pumayag sa alinmang ideolohiya. Ayon kay Jamaharlal Nehru, kauna-unahang Punong Ministro ng India, ang mga bansang Asyano ay maaaring manatiling walang kinikilingan at bilang Third Force o Pangatlong Puwersa, makatutulong ito sa pagpapanatili ng katahimikan sa rehiyon. Dahil sa patakarang walang kinikilingan, kapwa mabuti ang ugnayan ng India sa komunista at sa demokratikong ng bansa.

1. masama =	_____
2. makagugulo =	_____
3. magkakampi =	_____
4. kaguluhan =	_____
5. kahuli-hulihan =	_____

C. Panuto: Hanapin ang letra sa kabilang pahina ng kaisipang sumasalungat sa mga kaisipan sa bawat bilang.

1. Natalo ang hapon at bumagsak ang kanilang ekonomiya noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig
2. Ang Pakistan at India ay magkadikit na bansa
3. Maliit lamang ang sukat ng bansang Brunei
4. Sagana sa yamang-likas ang Pilipinas
5. Ang Singapore ay bansang Asyanong maliit lamang at limitado ang yamang-likas

Pagpipilian:

- a. subalit sila ay pinaghihiwalay ng paniniwala sa pamahalaan at sa relihiyon kaya madalas silang nag-aaway.
- b. Ngunit kinakailangang malinang nang husto ang mga ito ng mga mamamayang masisipag sa paglinang ng mga pinagkukunang yaman.
- c. Subalit ang kabuhayan dito ay maunlad sapagkat mayaman ito sa langis.
- d. Bagamat di maunlad sa likas na yaman, may lider naman silang napakahusay na magtuon ng malaking atensyon sa kalakalan.
- e. Ngunit pinagsikapan nilang linangin ang yamang likas ng bansa at inihanda ang mga mamamayan tungo sa kaunlaran.

D. Panuto: Basahin ang talataan at bigyang-pansin ang paraan ng pagbasa sa mga salitang may salungguhit. Ibigay ang wastong baybay ng salita na kumakatawan sa tunog /f/, /j/, /v/, at /z/.

Magkakaroon ng (1) achievement test ang mga mag-aaral kung kayat puspusan ang (2) pagrereview na ginagawa ng kanilang (3) adviser.

Pinagsisikapang linangin sa mga mag-aaral ang kanilang kasanayan sa pagkilala sa mga tekstong (4) descriptive, (5) argumentative, (6) informative, (7) narrative, at (8) persuasive.

Malaki ang kumpiyansa ng guro na sila'y makakukuha ng mataas na (9) average sapagkat ang mga mag-aaral ay nagpakita ng magandang (10) behavior at pakikiisa sa isinasagawang balik-aral.

Kunin mong muli sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto upang itsek ang huling gawain.

Nawa'y muling nagbigay sa iyo ng karagdagang kaalaman ang apat na araling ating tinalakay.

Hanggang sa muli!